



Ang Tunay na Katibayan ng Ating Handog

WEEK 3

WARM-UP

- Ano ang regalo na pinaka hindi mo inaasahang matatanggap? Paano ka tumugon dito?
- Kailan ka huling nagbigay ng isang bagay dahil hindi mo na naman ito kailangan? Magkuwento tungkol dito.
- Ano ang larawang naiisip mo tuwing naririnig mo ang salitang “sakripisyo”? Bakit mo ito naiisip?

WORD ⁴³*Tinawag ni Jesus ang mga tagasunod niya at sinabi, “Sinasabi ko sa inyo ang totoo, mas malaki ang ibinigay ng biyudang iyon kaysa sa lahat ng nagbigay.* ⁴⁴*Sapagkat silang lahat ay nagbigay lang ng sumobrang pera nila. Pero ang biyuda ay nagbigay sa kabila ng kanyang kahirapan. Ibinigay niya ang lahat ng kanyang ikinabubuhay.”* **MARCOS 12:43,44**

(Basahin din ang **MARCOS 12:41,42.**)

Noong isinulat ang mga pangyayari sa Ebanghelyo, ang ginagamit ng mga tao ay mga barya lamang. Ayon sa tunog na nagagawa ng mga barya habang nahuhulog ang mga ito sa kahon na inilaan para sa mga handog, masasabi ng mga tao kung magkano ang naihulog. Kapag mas malakas ang ingay, mas malaki ang inihandog. Sa kuwentong ito, tinawag ni Jesus ang atensiyon ng Kanyang mga disipulo at sinabi na ang mahirap na biyuda na nagbigay ng maliit na halaga ay *mas malaki ang ibinigay kaysa sa lahat ng nagbigay.* Ipinapakita nito na sa tuwing tayo ay nagbibigay, si Jesus ay nakatingin sa ating mga puso at hindi sa halaga ng ating inihahandog o sa ingay na nagagawa nito. Narito ang dalawang bagay na matututunan natin sa kuwento ng mahirap na biyuda.

1

Habang ang iba ay nagbigay ng sobra nila, ang mahirap na biyuda ay nagbigay nang may pagsasakripisyo.

⁴¹Umupo si Jesus malapit sa pinaglalagyan ng mga kaloob doon sa templo at pinagmamasdan ang mga taong naghuhulog ng pera. Maraming mayayamang naghulog ng malalaking halaga.

⁴²May lumapit doon na isang mahirap na biyuda at naghulog ng dalawang pirasong barya. **MARCOS 12:41,42**

Sa mata ng mundo, ang inihandog ng biyuda ay maliit na halaga lamang. Subalit agad na sinabi ni Jesus kung ano ang tunay nitong halaga. Sa kabila ng kanyang kahirapan, ibinigay ng biyuda *ang lahat ng kanyang ikinabubuhay*. Walang mag-iisip ng masama laban sa kanya kung itinabi niya ang isa pang barya para sa kanyang sarili. Subalit dahil sa pagmamahal at debosyon niya sa Diyos, nagbigay siya nang may pagsasakripisyo. Nagpakita siya ng ganap na pagtitiwala at pag-asa sa Kanya. Tulad nito, nais ng Diyos na umasa tayo hindi sa ating pananalapi kundi sa Kanya. Magagawa nating magbigay nang may pagsasakripisyo dahil alam natin na ang ating Diyos ay magiging matapat sa pagbibigay ng ating mga pangangailangan. May nakita ka na ba na nagbigay nang may pagsasakripisyo? Paano nangusap sa iyo ang Diyos sa pamamagitan ng sitwasyong ito?

2

Nakita at pinuri ni Jesus ang pagbibigay ng biyuda.

⁴³Tinawag ni Jesus ang mga tagasunod niya at sinabi, “Sinasabi ko sa inyo ang totoo, mas malaki ang ibinigay ng biyudang iyon kaysa sa lahat ng nagbigay.” ⁴⁴Sapagkat silang lahat ay nagbigay lang ng sumobrang pera nila. Pero ang biyuda ay nagbigay sa kabila ng kanyang kahirapan. *Ibinigay niya ang lahat ng kanyang ikinabubuhay.* **MARCOS 12:43,44**

Makikita natin na ang halaga ng isang regalo ay ayon sa kung ano ang naging kapalit nito para sa nagbigay. Ang iba ay nagbigay ng mas malaking halaga ngunit ito ay *sumobrang pera nila*. Ang kanilang handog ay hindi nila kailangan sa pang-araw-

araw nilang pamumuhay. Maaaring nagbigay sila dahil alam nila na kailangan nila itong gawin. Sa kabilang banda, ang mahirap na biyuda ay nagbigay ng *lahat ng kanyang ikinabubuhay*. Noong panahong ito, ang mga biyuda ay humaharap sa napakaraming kawalan ng katiyakan dahil wala silang sarili nilang pinagmumulan ng ikabubuhay. Sa kabila nito, ang mahirap na biyuda ay nagbigay—hindi dahil sa obligasyon kundi dahil sa debosyon niya sa Diyos. Nakita ni Jesus ang nasa loob ng kanyang puso at pinuri siya dahil sa kanyang ginawa. Tulad nito, nakikita ng Diyos ang nasa loob ng ating mga puso tuwing tayo ay nagbibigay. Kung tayo ay magtitiwala sa Kanya sa kabila ng ating mga sitwasyon, pararangalan Niya ang ating pananampalataya. Ano ang sinasabi ng Salmo 9:10 tungkol sa pagtitiwala sa Diyos?

APPLICATION

- Bilang mga mananampalataya, tayo ay tinatawag ng Diyos upang ipagkatiwala sa Kanya ang ating pananalapi. Paano mo maipahahayag ang iyong pananampalataya sa bagay na ito?
- Sa iyong palagay, bakit naupo si Jesus sa templo upang panoorin ang mga tao habang sila ay nagbibigay? Ano sa palagay mo ang sasabihin Niya sa iyo kung ikaw ay naroon din? Ang Diyos ay tumitingin sa iyong puso sa tuwing ikaw ay nagbibigay. Paano binago ng kaalamang ito ang saloobin mo tungkol sa pagbibigay? Paano nito maapektuhan ang paraan mo ng pagbibigay?
- Isipin ang mga taong kakilala mo na nahihirapan sa pananalapi sa panahong ito. Hingin sa Diyos ang mga paraan kung paano mo sila mahihikayat na magtiwala sa Kanya at kumilos nang may pananampalataya.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa kuwento ng mahirap na biyuda at sa puso niya na handang magbigay sa Kanya. Ipanalangin na palakasin pa ng Diyos ang iyong pananampalataya upang ang iyong pagbibigay ay hindi ayon sa kung anong mayroon ka, kundi sa kung sino Siya.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng kakayahan na magbigay nang buong puso, kahit pa nangangahulugan ito ng pagbibigay nang may pagsasakripisyo.
- Ipanalangin ang iyong pamilya at mga kaibigan na nangangailangang magtiwala sa Diyos sa panahong ito. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon na ibahagi sa kanila ang Kanyang katapatan ngayong linggo.

NOTES